Pangalan: ________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pagbasa at Pagsuri ng Alamat

I. **Panuto:** Bashain ang tula. Sagutin ang mga tanong tungkol sa binasang tula.

**Ano ba ang Sukatan?**

Ang aking musmos na isipan
Isang bagay ang di ko lubos matutuhan,
Ano nga ba ang tunay na sukatan
Karangyaan ba o karangalan?

Ito ba'y iyong pinaniniwalaan?
Pagkatao ay di dapat tingnan,
Sa dami ng salapi at kayamanan
Ang dapat batayan ay ating karangalan.

Sa pamumuhay natin sa mundo
Matitiyak bang bawat araw na narito
Walang nanlalamango naaapi tayo,
Dulot ay pag-ibig kahit kanino.

Karangalan natin ay dapat bang timbangin
Sa kulay ng balat o karunungan natin,
Sa karangyaang natatamasa
O sa kabutihang nagagawa sa iba?

Ikaw, ako, siya,
Kami, tayo, sila,
Lahat ba tayo'y pantay-pantay?
Ano ba ang mahalaga? Karangalan o
kayamanan?

1. Bakit ang pamagat ng tula ay "Ano ba ang Sukatan?"

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________.

2. Sino ang nalilito?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________.

3. May sinabi ba siyang sagot sa kanyang tanong?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________.

4. Aling bahagi ng tula ang sinasang-ayunan mo?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________.

5. Paano mo ipaliliwanag ang iyong sagot?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________.

**II. Panuto:** Kompletuhin ang dayagram. Magbigay ng tatlong katangian ng alamat.

